（タガログ語版）
2013

Para sa mga magulang,

Anjo City Anjo Seibu School
Principal Akira Kataoka

# TUNGKOL SA PAGPASOK AT PAG-UWI NG MGA BATA SA PANAHONG MAY "BABALA SA MALAKAS NA HANGIN (STORM WARNING)" AT "SPECIAL ALERT / WARNINGS"
# 「暴風警報」および「特別警報」が発表された場合の児童生徒の登下校について

Maraming salamat sa mga magulang na walang sawang umuunawa at sumusuporta sa aktibidad ng paaralan.

Kamakailan ay napapadalas ang pagbibigay ng impormasyon sa ating ulat sa panahon na "Babala sa Malakas na Hangin (Storm warning) "sa bawat lugar o lungsod. Kaya naman, base sa impormasyong ipinadala ng Anjo city board of education, ang dating basehan sa pagtingin ng babala na「South Area of West Mikawa」ay gagawin ng「Anjo City」 lamang.

Karagdagan pa, simula noong August 30, 2013 ay idinagdag ng Japan Meteorological Agency sa mga babala o alarma ang "Special Alert/ Warning". Ang "Special Alert/ Warning" *(Tokubetsu Keihou)* ay ang babala o alarma na higit pa sa inaasahan nating mga pangyayari na maaaring magdulot ng malaking pinsala tulad ng Tsunami na dulot ng lindol sa silangang bahagi ng Japan, matinding pag-ulan sa Kyushu noong July 2012 at matinding alon sanhi ng bagyo sa Isewan.

May kinalaman dito, nais naming tumugon ayon sa mga nakasulat sa ibaba kapag nagbigay ng "Babala sa Malakas na Hangin (Storm warning) at Special Alert/ Warnings ". Hinihingi namin ang inyong buong pang-unawa at kooperasyon sa bagay na ito.

Nilalaman

## Pagtugon sa panahong magbigay ng "Babala sa Malakas na Hangin (storm warning)"

1. Kapag nagbigay ng "Babala sa Malakas na Hangin (Storm warning)" sa Anjo City ang Nagoya Local Meteorological Observatory bago pa man pumasok ang mga bata.
   (1) Regular ang klase kapag inalis ang babala sa Anjo City 2 oras bago ang simula ng klase (6:15 am).
   (2) May pasok kapag inalis ang babala sa Anjo City 2 oras bago ang simula ng klase (6:15 am) hanggang 11 am. Sisimulan ang klase pagkatapos ng 2 oras simula ng alisin babala.
   (3) Wala ng pasok kapag patuloy parin ang babala pagkalagpas ng 11 am.
   （Kapag half day ang klase, wala ng pasok kapag patuloy parin ang babala pagkalagpas ng 9 am）

   Maaaring bumaha sa daan o di kaya umapaw ang ilog sa kalagayan na nakasulat sa (1) at (2) sa itaas. Kung delikado ang kalagayan, huwag ng papasukin at ipaalam ito sa paaralan kung hindi makakapasok. Hindi ito ituturing na absent o late.

2. Kapag nagbigay ng "Babala sa Malakas na Hangin (Storm warning)" sa Anjo City ang Nagoya Local Meteorological Observatory pagkatapos makapasok ng mga bata.
   (1) Ititigil namin ang klase at pauuwiin agad ang mga bata pagkatapos naming alamin ang kalagayan sa panahon at kalsada na dadaanan ng mga bata at kapag natiyak namin ang kanilang kaligtasan.
   (2) Kakailanganing sunduin ng mga magulang ang bata kapag natukoy na delikado ang daanan at mahirap para sa mga bata na umui. Sa ganitong pagkakataon, tatawag agad kami sa inyong bahay at paghihintayin namin ang bata sa paaralan hanggang sa may dumating na sundo.

## Pagtugon sa panahong magbigay ng babala na “ Special Alert/ Warnings ”

1. Kapag nagbigay ng babala na “Special Alert/ Warnings“ ang Nagoya Local Meteorological Observatory bago pa man pumasok ang mga bata.

   (1) Manatili sa bahay.
   (2) Manatili sa bahay hanggang sa magbigay ng impormasyon ang paaralan sa pagpasok kahit alisin na ang “Special Alert/ Warnings”. Ipapaalam namin ang desisyon sa pagpasok sa pamamagitan ng website ng paaralan at emergency email notification at sa telepono.

2. Kapag nagbigay ng babala na “Special Alert/ Warnings“ ang Nagoya Local Meteorological Observatory pagkatapos makapasok ng mga bata.

   （1） Ititigil agad ang klase at titiyakin ang kaligtasan ng mga bata sa paaralan.
   （2） Maghihintay at babantayan ang mga bata sa paaralan hanggang sa hindi pa natitiyak ang kaligatasan sa pagsundo ng mga magulang.
   Ipapaalam namin ang desisyon sa pagsundo sa mga bata sa pamamagitan ng website ng paaralan at emergency email notification at sa telepono.

## Pagtugon sa panahong magbigay ng “paalala sa malakas na hangin (strong wind advisory)” at “babala sa malakas na ulan (heavy rain warning)”

Kapag inaasahang mahihirapang matiyak ang kaligtasan ng mga estudyante sanhi ng malakas na hangin at ulan kahit na walang “Babala sa Malakas na Hangin (Storm warning)” o “Special Alert/ Warnings”.

(1) Maaaring walang pasok o itigil ang klase depende sa matutukoy na kalagayan ng daanan sa pagpasok at iba pa kapag nagbigay ng “strong wind advisory”, “heavy rain warning”, disaster at climate advisory ang Nagoya Local Meteorological Observatory. Karagdagan pa, maaaring walang pasok o itigil ang klase ng mga bata sa ibang lugar depende sa geographical situation ng bawat distrito ng paaralan.
(2) Kahit walang sinasabi ang paaralan, pakisuyong magdesisyon ang magulang sa pagpasok ng bata na isinasang-alang una sa lahat ang kaligtasan ng bata. Tumawag sa paaralan kapag nagdesisyon ang magulang na huwag papasukin ang bata. Hindi ito ituturing na absent o late. Ngunit sa dahilang biglaan ito, pakisuyong unawaiin na hindi na namin maibabalik ang bayad sa pagkain sa paaralan (school lunch).

Contact us: Anjo City Anjo Seibu School
TEL: 0566-76-2303
FAX: 0566-76-2617